ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# EMOSYONAL NA KATALINUHAN AT KABUTIHANG PANLOOB NG MGA GURO BILANG MGA PREDIKTOR NG KAHUSAYANG PAMPAGTUTURO NG MGA GURO NG FILIPINO

**Kenneth D. Hermanoche**
*Master of Arts in Teaching Filipino, Rizal Memorial Colleges, Inc. Davao City, Mindanao Island, Philippines*

## I. PANIMULA

### Ang Suliranin at Kaligiran Nito

Sa masalimuot at mapanghamong mundong ginagalawan ng mga guro, isang mahalagang obserbasyon ng mananaliksik ang lumitaw: hindi sapat ang mataas na kaalaman sa asignatura upang masabing mabisa ang isang guro. Sa aktuwal na karanasan sa mga silid-aralan sa mga pampublikong paaralan sa Davao Occidental, kapansin-pansin na ang mga gurong may kakayahang makiramdam, umunawa, at umakma sa emosyon ng kanilang sarili at ng iba ay mas mahusay sa pamamahala ng klase, paghubog ng ugnayan ng mga mag-aaral, at pagbibigay-inspirasyon. Sa kabilang banda, may mga gurong may sapat na kaalaman sa akademya ngunit nahihirapang makamit ang tiwala at kooperasyon ng kanilang mga mag-aaral. Dito pumapasok ang pananaw na ang emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob ay may malaking gampanin sa kahusayang pampagtuturo, higit pa sa teknikal na kaalaman.

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa ugnayan ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob ng mga guro sa kanilang kahusayan sa pagtuturo. Layunin nitong tuklasin kung ang dalawang aspektong ito ay maaaring magsilbing prediktor ng mabisang pagtuturo ng mga guro**.** Mahalaga ang ganitong pagsusuri sapagkat sa gitna ng makabagong hamon sa edukasyon tulad ng pinagsamang pagkatuto at krisis sa kalusugang pang-kaisipan ng mga guro at mag-aaral, at kakulangan sa suporta, kailangang pagtuunan ng pansin ang mga panloob na salik na may malaking impluwensiya sa kalidad ng pagtuturo. Sa pamamagitan ng resulta ng pag-aaral na ito, makikinabang ang mga guro sa pagbibigay-linaw kung paano nila mapauunlad ang kanilang emosyonal na katalinuhan at personal na kagalingan upang maging mas mabisa sa loob ng klasrum.

Sa internasyonal na larang, maraming pananaliksik ang nagpapakita ng kaugnayan ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob sa kabisaang pampagtuturo. Sa isang pananaliksik sa Turkey nina Yalçın et al. (2022), lumabas na ang mga gurong may mataas na emosyonal na katalinuhan ay mas may kakayahang umangkop sa emosyonal na hamon sa pagtuturo. Sa India naman, natuklasan nina Carroll et al. (2024) na ang kabutihang panloob ng mga guro ay positibong kaugnay ng kanilang pagganap at motibasyon sa pagtuturo. Sa Estados Unidos, binigyang-diin nina Anderson at Miller (2021) ang papel ng kabutihang panloob sa pagbibigay ng matatag na pangangasiwang pang-klasrum at emosyonal na pagtulong sa mga mag-aaral. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito na ang kahusayan sa pagtuturo ay hindi lamang nakasalalay sa kognitibong kasanayan, kundi pati sa emosyonal at sikolohikal na kahandaan ng mga guro.

Sa konteksto naman ng Pilipinas, may mga pananaliksik sa iba't ibang lalawigan na nagpapakita rin ng kahalagahan ng emosyonal na aspekto sa mabisang pagtuturo. Ayon sa konsepto ni Sumatra (2021) sa lalawigan ng Bohol, lumabas na ang emosyonal na katalinuhan ay may positibong ugnayan sa kasanayan sa mabisang pagtuturo.

Sa Batangas, iniulat nina Nuñez at Gula (2023) na ang kabutihang panloob ng mga guro ay pangunahing salik sa pagpigil ng matinding pagkapagod at sa pagpapanatili ng mataas na antas ng pagganap ng mga guro. Sa Isabela, ibinahagi nina Cruz at Batoon (2021) na ang mga gurong may mataas na antas ng emosyonal na katalinuhan ay mas kayang tumugon sa mga isyung pangkagawian ng mga mag-aaral. Malinaw na sa iba't ibang panig ng bansa, lumilitaw ang pangangailangang palakasin ang emosyonal na katalinuhan ng propesyong pagtuturo.

Gayundin, sa lokal na konteksto ng Sangay ng Davao Occidental, limitado pa ang mga umiiral na pag-aaral tungkol sa ugnayan ng emosyonal na katalinuhan, kabutihang panloob, at kahusayang pampagtuturo. Sa mga panimulang obserbasyon ng mga tagamasid at mga punong-guro sa lalawigan, karaniwang isinasantabi ang kalagayang emosyonal at sikolohikal ng mga guro sa tuwing sinusuri ang kanilang antas ng pagganap bilang guro. Bagaman may mga pagsasanay ukol sa kalusugang pang-kaisipan, hindi pa ito sapat upang masuri kung paano tuwirang nakaaapekto ang emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob sa aktuwal na bisa ng pagtuturo. Sa ganitong konteksto, makabuluhang siyasatin ang karanasang lokal ng mga guro sa lalawigan upang mapunan ang kakulangan sa datos.

Sa kabila ng mga umiiral na pananaliksik sa ibang bansa at sa ilang lalawigan sa Pilipinas, kulang pa rin ang pag-aaral na tumutukoy sa sabayang papel ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob bilang prediktor ng kahusayan sa pagtuturo, lalo na sa lokal na konteksto ng mga gurong Pilipino sa mga probinsya gaya ng Davao Occidental**.** May pangangailangang agarang tugunan ang agwat na ito sa literatura upang mas mapalalim ang pang-unawa sa mga panloob na salik na may impluwensiya sa mabisang pagtuturo. Mahalaga rin ang pananaliksik na ito sa akademikong larangan**,** dahil maaari itong magsilbing batayan para sa paggawa ng mga polisiya, pagsasanay, at interbensyon na nakatuon hindi lamang sa propesyonal kundi pati sa emosyonal at personal na pag-unlad ng mga guro**.**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Paglalahad ng Suliranin**

1. Ano ang antas ng emosyonal na katalinuhan ng mga guro ng Filipino ayon sa:
   - 1.1. sariling kamalayan;
   - 1.2. pagkontrol sa sarili;
   - 1.3. motibasyon;
   - 1.4. pagdamay; at
   - 1.5. mga kasanayang panlipunan?
2. Ano ang antas ng kabutihang panloob ng mga guro ng Filipino ayon sa:
   - 2.1. katapatan;
   - 2.2. pagkamakatarungan;
   - 2.3. pagdamay at malasakit; at
   - 2.4. pananagutan at pagpapahalaga sa tungkulin?
3. Ano ang antas ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino ayon sa sumusunod:
   - 3.1. kaalaman sa nilalaman at pedagohiya;
   - 3.2. kapaligiran ng pagkatuto;
   - 3.3. pagkaiba-iba ng mga mag-aaral;
   - 3.4. kurikulum at pagpaplano; at
   - 3.5. pagtataya at pag-uulat?
4. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng emosyonal na katalinuhan at kahusayang pampagtuturo?
5. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kabutihang panloob at kahusayang pampagtuturo?
6. Alin sa dalawang salik: emosyonal na katalinuhan o kabutihang panloob ang makabuluhang prediktor ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino?

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay mahalagang itaguyod sapagkat sinusuri nito ang papel na ginagampanan ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob bilang mga pantakda ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino sa Sangay ng Davao Occidental. Ang mga natuklasan ay makatutulong sa mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon para sa mga gawaing pagpapahusay. Gayundin, mahalaga ang pag-aaral sa mga guro, tagapagsanay, at tagabuo ng mga patakaran upang mas mapabuti ang kalidad ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa emosyonal at panloob na kabutihan ng mga guro. Bukod dito, magsisilbi rin itong gabay sa pagbuo ng mga programang pangkaunlaran sa mga guro na nakatuon sa paglinang ng mga kasanayang makapagpapataas ng kanilang kahusayan sa silid-aralan, na magdudulot ng positibong epekto sa pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino.

Kaugnay nito, pinauunlad ng pag-aaral ang pag-unawa sa emosyonal na aspekto ng propesyong pang-guro. Sa pagsisiyasat ng kanilang antas ng emosyonal na katalinuhan kabilang ang sariling kamalayan, pagkontrol sa sarili, motibasyon, pagdamay, at kasanayang panlipunan, nagkakaroon ng mas malalim na pananaw hinggil sa kung paanong ang mga kakayahang ito ay nakaaapekto sa kanilang pagganap sa pagtuturo. Sa gayon, higit na nauunawaan ang kahalagahan ng emosyonal na timbang bilang saligan ng mabisang pagkikisalamuha at makataong pamumuno sa silid-aralan.

Kasabay nito, pinahahalagahan ng pag-aaral ang pagpapahalaga sa kabutihang panloob bilang mahalagang dimensyon ng propesyonalismo ng mga guro. Sa pagtalakay sa mga aspekto ng integridad, empatiya, pagkamakatarungan, at diwa ng paglilingkod, malinaw na naipakikita na ang kabutihan ng loob ay hindi lamang pansariling katangian kundi pundasyon ng makatarungan at makataong edukasyon. Ang ganitong pagtingin ay nagbubukas ng kamalayan na ang moral na katangian ng guro ay may tuwirang impluwensiya sa paghubog ng pagkatao at asal ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, nagbibigay-daan ang pag-aaral sa pagpapalakas ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino. Sa pagsusuri ng ugnayan ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob sa kanilang kahusayan, nabibigyan ng batayang patutunguhan ang mga programang pampropesyonal na pag-unlad na nakatuon hindi lamang sa kakayahang akademiko kundi pati sa paglinang ng emosyonal at moral na katatagan.

Higit sa lahat, nag-aambag ang pananaliksik na ito sa pagpapalawak ng diskurso sa larangan ng edukasyon at pagtuturo-pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga natuklasang datos, mas napalalalim ang pag-unawa sa ugnayan ng damdamin, kabutihan, at kahusayan sa pagtuturo na mga aspekto ng edukasyon na madalas na hindi nabibigyang-diin sa tradisyonal na mga pag-aaral. Ang mga resultang makukuha ay maaaring magsilbing batayan ng mga patakarang pang-edukasyon at gabay sa mga susunod pang pananaliksik hinggil sa pag-unlad ng propesyonalismo at karakter ng mga guro.

## II. METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kuwantitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang descriptive-correlational na disenyo, upang mailarawan ang kasalukuyang antas ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob bilang mga prediktor ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino.

Ang palarawang bahagi ng pananaliksik na ito ay nakatuon sa paglalarawan ng antas ng emosyonal na katalinuhan, kabutihang panloob, at kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino. Layunin nitong mailahad ang kasalukuyang kalagayan ng mga guro batay sa kanilang damdamin, disposisyon, at kakayahang isakatuparan ang mga pedagogikal na tungkulin sa silid-aralan.

Samantala, ang correlational na bahagi ng pag-aaral ay tumukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob ng mga guro at ng kanilang kahusayang pampagtuturo. Bahagi rin ng pag-aaral na ito ang pagsusuri kung aling indikeytor sa dalawang salik: emosyonal na katalinuhan o kabutihang panloob ang maituturing na makabuluhang prediktor ng kahusayang pampagtuturo. Sa pamamagitan ng *descriptive-correlational* na disenyo, masusing nasuri ang ugnayan ng mga panloob na salik sa kahusayang pampagtuturo, at naging batayan ito sa pagbibigay ng mga rekomendasyon upang higit pang mapaunlad ang kasanayan ng mga guro. Ang resulta ng pag-aaral ay nakatulong sa paglinang ng mga interbensiyong pedagogikal at mga programang sumusuporta sa personal at propesyonal na pag-unlad ng mga

guro ng Filipino sa mga piling paaralan sa Sangay ng Davao Occidental (Siedlecki, 2019).

Isinagawa ang pananaliksik na ito gamit ang sarbey bilang pangunahing pamamaraan ng pangangalap ng datos, kung saan ang talatanungan ang naging pangunahing instrumento. Angkop ang *descriptive-correlational* na disenyo sapagkat tinugunan nito ang layuning mailarawan ang antas ng emosyonal na katalinuhan, kabutihang panloob, at kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino, habang sinusuri rin ang ugnayan at impluwensiya ng mga salik na ito sa isa't isa. Sa pamamagitan ng disenyong ito, nabigyang-linaw kung alin sa dalawang salik ang higit na nakapaghula ng kahusayan sa pagtuturo, na nagsilbing batayan sa pagbuo ng mas makabuluhang interbensyon upang mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino sa mga paaralang saklaw ng pag-aaral.

**Mga Kalahok**

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga guro ng Filipino mula sa pitong (7) mataas na paaralan ng Sta. Maria West at Sta. Maria East, Davao Occidental sa Taong Panuruan 2025–2026. Ginamit ng mananaliksik ang *total enumeration*, ibig sabihin, ang buong populasyon ng mga guro ay awtomatikong naging kalahok sa pag-aaral. May kabuoang 31 na mga guro ang naging awtomatikong kalahok sa pag-aaral. Nangyari ito dahil sa limitadong bilang ng mga guro na tumugon sa pamantayan ng pagpili ng kalahok. Layunin ng pananaliksik na suriin ang antas ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob ng mga guro bilang mga prediktor ng kanilang kahusayang pampagtuturo sa asignaturang Filipino.

Ang mga pamantayan sa pagpili ng mga kalahok ay maingat na itinakda upang matiyak ang kaugnayan, bisa, at kalidad ng datos na malilikom. Kinakailangan na ang mga guro ay may pangunahing espesyalisasyon sa Filipino upang matiyak na ang kanilang karanasan at kasanayan ay tuwirang may kaugnayan sa layunin ng pananaliksik. Hindi isinasaalang-alang ang kasarian sa pagpili ng mga kalahok; sa gayon, kapwa lalaki at babae ay pantay na kinikilala. Ang haba ng karanasan sa pagtuturo ay itinakda mula isa (1) hanggang dalawampung (20) taon upang makuha ang pananaw ng mga bagong guro at ng mga may mas matagal nang karanasan sa larangan ng pagtuturo. Mahalaga ring ang mga guro ay nakadalo sa mga pagsasanay kaugnay ng pagtataya ng pagkatuto at mga alituntunin ng K to 12 Kurikulum, partikular ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 8, s. 2015.

Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ang simple random sampling, isang uri ng probability sampling na nagbibigay ng pantay-pantay na pagkakataon sa bawat guro sa populasyon na mapili bilang kalahok. Ang paraang ito ay angkop sa populasyong kalat sa malawak na heograpikal na lugar dahil nakatutulong itong mapababa ang posibilidad ng bias at mapataas ang representasyon ng mga kalahok. Ang bilang ng mga kalahok ay tinukoy gamit ang pormulang Slovin's na may limang porsiyento (5%) na margin of error, na nagbunga ng 31 gurong kalahok mula sa kabuoang populasyon, bilang sapat at angkop na sample para sa layunin ng pag-aaral.

**Mga Hakbang sa Paglikom ng mga Datos**

Ang paglikom ng mga datos ay isang sistematikong proseso ng pagkalap ng mga obserbasyon o sukat. Gumawa man ang mananaliksik ng pag-aaral para sa alinmang larang, mainam na makakuha ng unang kaalaman at orihinal na pananaw ukol sa tesis na pinag-aaralan. Isinalaysay sa sumunod na mga talata ang mga isinakatuparang hakbang at proseso ng mananaliksik ukol sa pagsasagawa ng paglikom ng mga kinakailangang mga datos ng pag-aaral.

Upang makalikom ng mga kinakailangang datos, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot at rekomendasyon sa dekana ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Inc. bago nakipag-ugnayan sa Tagapamanihala ng Sangay ng Davao Occidental upang hingin ang pahintulot sa pagsasagawa ng pag-aaral. Matapos matanggap ang pagtitibay ng mga tagapamanihala, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga punong-guro o tagapangasiwa ng mga paaralan sekundarya upang magsagawa ng panimulang pag-aayos ng mga oras sa paglikom ng datos. Ito ay isinakatuparan ng mananaliksik upang maging maayos ang pagkolekta ng mga datos.

Pinangasiwaan ng mananaliksik ang pagbibigay ng instrumento ng pananaliksik sa mga natukoy na kalahok. Nakumpleto ng mananaliksik ang paglikom ng mga datos mula sa mga kalahok. Ginawa ang pagtalahanayan ng mga datos at sinuri ayon sa mga angkop na pormula ng estadistika.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Upang malapatan ng angkop na pagsusuri ang mga datos, iilang modelo sa estadistika ang ginamit.

Ang *Mean* ay isang sukatan ng gitnang pagkahilig ng isang pamamahagi (Bhandari, 2020). Sa pag-aaral na ito, ang mean ay ginamit upang matukoy ang antas ng emosyonal na katalinuhan, kabutihang panloob at kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino.

Samantala, ginamit naman ang *Pearson r* upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol. Ito ay isang sukatan ng *linear* na ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ito ay ang *ratio* sa pagitan ng *covariance* ng dalawang baryabol at ang produkto ng kanilang mga *standard deviations*; sa gayon, ito ay mahalagang *normalized* na pagsukat ng *covariance*, kung kaya't ang resulta ay palaging may halaga sa pagitan ng −1 at 1. Ang kagamitang pang-estadistikang ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob tungo sa kahusayan sa pagtuturo.

Ang *Multiple Linear Regression* naman ay kagamitang pang-estadistikang gagamitin upang matukoy ang mga indikeytor ng malayang baryabol na emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob na may makabuluhang impluwensiya sa di-malayang baryabol na kahusayan sa pagtuturo.

## III. PAGTALAKAY NG MGA KINALABASAN

**Antas ng Emosyonal na Katalinuhan ng mga Guro**

Inilalahad sa Talahanayan 1 ang pangkalahatang antas ng emosyonal na katalinuhan ng mga guro batay sa limang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

dimensyon. Sa kabuoan, nakapagtala ito ng mataas na antas ng mean ($\bar{x}$ = 4.24) at may SD na ($\sigma$ = 0.26), na nagpapahiwatig na ang mga guro ay may sapat at matatag na kakayahan sa pag-unawa, pamamahala, at paggamit ng emosyon sa kanilang propesyon.

Sa mga natukoy na indikeytor, ang may pinakamataas na mean rating ay ang *pagkontrol sa sarili* na may mean rating na ($\bar{x}$ = 4.45) at SD na ($\sigma$ = 0.15), na may palarawang katumbas na lalong mataas. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay mahusay sa pagpipigil at regulasyon ng kanilang emosyon lalo na sa mga sitwasyong nahaharap sa mga hamon. Samantala, ang may pinakamababang mean rating ay ang *mga kasanayang panlipunan* na nagtala ng mean rating na ($\bar{x}$ = 4.16) at SD na ($\sigma$ = 0.04), na matatagpuan pa rin sa eskala na lalong mataas. Ipinahihiwatig nito na bagaman mataas ang kakayahan sa pakikipag-ugnayan, may bahagyang pagkakaiba sa lawak ng kolaborasyon at interaksyon sa kapuwa. Ipinakikita nito na ang kakayahang kontrolin ang sariling emosyon ay higit na malinang sa mga guro kumpara sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan at makipagtulungan sa iba.

**Talahanayan 1.**
**Datos sa Antas ng Emosyonal na Katalinuhan ng mga Guro**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | SD | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Sariling Kamalayan | 4.24 | 0.27 | Lalong Mataas |
| 2. | Pagkontrol sa Sarili | 4.45 | 0.15 | Lalong Mataas |
| 3. | Motibasyon | 4.25 | 0.61 | Katamtaman |
| 4. | Pagdamay | 4.25 | 0.05 | Mataas |
| 5. | Mga Kasanayang Panlipunan | 4.16 | 0.04 | Lalong Mataas |
| | **Kabuoan** | **4.24** | **0.26** | **Mataas** |

Eskala: 4.20-5.00 Lalong Mataas; 3.40-4.19 Mataas
2.60-3.39 Katamtaman; 1.80-2.59 Mababa
1.00-1.79 Lalong Mababa

Nakikita rin na ang *sariling kamalayan* ay nagtamo ng mean rating na ($\bar{x}$ = 4.24) at SD na ($\sigma$ = 0.27) ay nasa lalong mataas na antas, samantalang ang *motibasyon* ay may mean rating na ($\bar{x}$ = 4.25) at SD na ($\sigma$ = 0.61) ay may palarawang katumbas na katamtaman, at ang *pagdamay* ay nagtala ng mean rating na ($\bar{x}$ = 4.25) at SD na ($\sigma$ = 0.05) ay nasa mataas. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na bagama't pangkalahatang mataas ang emosyonal na katalinuhan, may ilang dimensyon na nangangailangan pa ng higit na pagpapalakas, partikular ang motibasyon at pagdamay.

Natuklasan sa pag-aaral na ang pangkalahatang antas ng emosyonal na katalinuhan ng mga guro ay mataas. Ang pinakamataas na mean ay naitala sa *pagkontrol sa sarili*, samantalang ang pinakamababa ay sa *mga kasanayang panlipunan*.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang emosyonal na katalinuhan ng mga guro ay nasa kanais-nais na antas, na mahalaga sa mabisang pagtuturo at propesyonal na pagganap. Ayon kina Miao et al. (2022), ang emosyonal na katalinuhan ay pundasyon ng kakayahang maunawaan at mapamahalaan ang emosyon, na mahalaga sa pakikipag-ugnayan sa iba. Ang mataas na antas ng *pagkontrol sa sarili* ay umaayon sa pananaw nina Abbas (2023) na ang kakayahang pamahalaan ang emosyon sa ilalim ng presyon ay mahalaga upang mapanatili ang propesyonalismo at maiwasan ang impulsibong kilos.

Bilang karagdagan, ang dimensyon ng *motibasyon* ay sumusuporta sa pag-aaral nina Salazar at Hayward (2018) na ang motibasyon ay nagpapalakas ng determinasyon at dedikasyon ng mga guro sa kanilang tungkulin. Gayunpaman, ang relatibong mas mababang antas nito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa karagdagang suporta upang mapanatili ang sigasig sa pagtuturo. Samantala, ang *pagdamay* ay umaayon sa pananaw nina Castillo and Barrameda (2024) at Sabbar (2023) na ang kakayahang makiramay ay mahalaga sa pagbuo ng tiwala at positibong ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Ang *mga kasanayang panlipunan* ay binibigyang-diin nina Johnson at Michaels (2021) bilang mahalagang salik sa mabisang komunikasyon at kolaborasyon sa loob ng paaralan. Ang mataas na antas nito ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay may kakayahang bumuo ng positibong kapaligiran sa pagkatuto, bagaman may puwang pa upang higit itong mapaunlad, gaya ng binanggit nina Aquino at De Vera (2022).

**Pangkalahatang Antas ng Kabutihang Panloob ng mga Guro ng Filipino**

Inilahad sa mga Talahanayan 2 ang pangkalahatang antas ng kabutihang panloob ng mga guro ng Filipino batay sa apat na dimensiyon: (1) katapatan, (2) pagkamakatarungan, (3) pagdamay at malasakit, at pananagutan at pagpapahalaga. Sa kabuoan, ang pangkalahatang mean na natamo ay ($\bar{x}$ = 4.54) at SD na (0.45) at may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang bilang na ito ay nagsasaad na sa halos lahat ng pagkakataon ay ginagawa, nadarama at nakikita ang mga probisyong naglalarawan sa mga indikeytor ukol sa kabutihang panloob ng mga guro. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay nagpapamalas ng napakataas na antas ng kabutihang panloob, na sumasalamin sa kanilang matibay na moral na paninindigan at propesyonal na pagkakakilanlan.

Sa malalim na pagsusuri ng bawat dimensiyon, pinakamataas na naitalang mean ang *katapatan* ($\bar{x}$ = 4.61 at SD na ($\sigma$ = 0.02), na nagpapakita na ang mga guro ay may matatag na integridad at paninindigan sa paggawa ng tama at etikal na paghatol. Samantala, pinakamababang mean naman ang *pananagutan at pagpapahalaga* ($\bar{x}$ = 4.48) at SD na ($\sigma$ = 0.03). Bagaman ito ang pinakamababa, nananatili pa rin itong nasa antas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

na lalong mataas, na nagpapahiwatig na mataas pa rin ang antas ng pagsasabuhay ng pananagutan at pagpapahalagang moral ng mga guro.

Ang mataas na antas ng katapatan ay umaayon sa natuklasan nina Pandan at Lomibao (2022) at Tupas et al. (2023) na nagsasabing ang integridad ng guro ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng katarungan at etikal na pamantayan sa pagtuturo, lalo na sa harap ng mga makabagong hamon sa edukasyon. Ipinahihiwatig nito na ang katapatan ay nagsisilbing pundasyon ng kabutihang panloob ng mga guro.

Ang mataas na antas ng pagkamakatarungan ay sinusuportahan nina Isidro at Teichert (2021) na naglalarawan ng katarungan bilang isang mahalagang pantakda ng kabutihang asal na gumagabay sa mga guro sa kanilang makatarungan at pantay na pagkilos sa paaralan kasama ang kanilang mga mag-aaral. Pinalalawig din ng natuklasan sa pag-aaral ang pahayag nina Kobs et al. (2022) *at* Estaji and Zhaleh (2022) na nagpapakita na ang katarungan ay maaaring malinang at hinuhubog ng kontekstong institusyonal.

***Talahanayan 2.***
***Pangkalahatang Antas ng Kabutihang Panloob ng mga Guro ng Filipino***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | SD | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Katapatan | 4.61 | 0.02 | Lalong Mataas |
| 2. | Pagkamakatarungan | 4.53 | 0.08 | Lalong Mataas |
| 3. | Pagdamay at Malasakit | 4.55 | 0.05 | Lalong Mataas |
| 4. | Pananagutan at Pagpapahalaga | 4.48 | 0.03 | Lalong Mataas |
| | **Kabuoan** | **4.54** | **0.45** | **Lalong Mataas** |

Eskala: 4.20-5.00 Lalong Mataas 3.40-4.19 Mataas
2.60-3.39 Katamtaman 1.80-2.59 Mababa
1.00-1.79 Lalong Mababa

Ang dimensiyon ng *pagdamay at malasakit* ay umaayon sa mga natuklasan nina O'Toole at Dobutowitsch (2022) at Matos et al. (2022) na nagpapakita na ang malasakit ay isang moral na gabay na nagpapaunlad ng makataong ugnayan sa silid-aralan. Dagdag pa rito, ipinakita ni Zhou (2022) na ang pagdamay ay mahalaga sa paglikha ng inklusibo at kaayaayang kapaligiran sa pagkatuto.

Sa kabilang banda, ang *pananagutan at pagpapahalaga* ay sinusuportahan nina Al-Thani et al. (2025) at Castillo at Barrameda (2024) na nagsasabing ang mga pagpapahalagang moral at pananagutan ay mahalagang salik sa epektibong pagtupad ng tungkulin ng guro at sa paghubog ng kanilang propesyonal na identidad. Ipinapakita rin ni Rahmatollahi at Mohamadi Zenouzagh (2021) na ang pananagutan ay isang panloob na proseso ng pagsusuri sa sarili na nagpapatibay sa etikal na pagkilos ng guro.

**Antas ng Kahusayang Pampagtuturo ng mga Guro ng Filipino**

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang pangkalahatang antas ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino batay sa limang mahahalagang salik ng pagtuturo. Sa kabuoan, nakapagtala ng pangkalahatang mean rating na ($\bar{x}$ = 3.24) at SD na ($\sigma$ = 0.83) na may palarawang katumbas na katamtaman, na nagpapahiwatig na ang kabuoang katamtamang kahusayan ng mga guro sa iba't ibang aspekto ng pedagohikal na gawain ay nasa antas na sapat ngunit nangangailangan pa ng patuloy na pagpapabuti at pagpapaunlad.

***Talahanayan 3.***
***Antas ng Kahusayang Pampagtuturo ng mga Guro ng Filipino***

| Blg. | Mga Aytem | Mean | SD | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Kaalaman sa Kaalaman at Pedagohiya | 3.57 | 0.83 | Mataas |
| 2. | Kapaligiran ng Pagkatuto | 3.19 | 0.83 | Katamtaman |
| 3. | Pagkaiba-iba ng mga Mag-aaral | 3.16 | 0.82 | Katamtaman |
| 4. | Kurikulum at Pagpaplano | 3.13 | 0.85 | Katamtaman |
| 5. | Pagtataya at Pag-uulat | 3.15 | 0.83 | Katamtaman |
| | **Kabuoan** | **3.24** | **0.83** | **Katamtaman** |

Eskala: 4.20-5.00 Lalong Mataas 3.40-4.19 Mataas
2.60-3.39 Katamtaman 1.80-2.59 Mababa
1.00-1.79 Lalong Mababa

Sa pagsusuri ng bawat salik, pinakamataas ang *kaalaman sa nilalaman at pedagogiya* ($\bar{x}$ = 3.57) at SD na ($\sigma$ = 0.83) na may palarawang katumbas na *mataas*. Ipinakita nito na ito ang pangunahing lakas ng mga guro, partikular sa kanilang kakayahang pagsamahin ang nilalaman at estratehiyang pampagtuturo. Samantala, pinakamababa ang *kurikulum at pagpaplano* ($\bar{x}$ = 3.13) at SD na ($\sigma$ = 0.85) na may katumbas na *katamtaman*, na nagpapahiwatig na ito ang aspekto na nangangailangan ng higit na atensyon at pagpapalakas.

Natuklasan na ang mga guro ay may mas matibay na kahusayan sa kaalaman sa nilalaman at pedagohiya, samantalang ang iba pang salik tulad ng *kapaligiran ng pagkatuto*, *pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral, kurikulum at pagpaplano*, at *pagtataya at pag-uulat* ay nananatiling nasa katamtamang antas.

Ipinaaalam na ang kaalaman sa nilalaman ng mga aralin at pedagohiya ay nananatiling pangunahing salik sa mabisang pagtuturo. Ayon kina Shulman (1987, binanggit nina Fukaya et al., 2024), ang pagsasanib ng nilalaman at pedagohiya ay pundasyon ng mahusay na pagtuturo at pag-unawa ng mag-aaral. Kaugnay nito, ipinaaalam nina Park and Chan (2025) na ang malalim na kaalaman sa nilalaman at pedagohiya ay nakapagpapataas ng kalidad ng pagbuo ng aralin at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ipinakikita nina Regidor et al. (2024) at Hellín et al. (2023) na ang kapaligiran ng pagkatuto ay may malaking ambag sa pagganyak at pakikilahok ng mga mag-aaral, na nangangahulugang mahalaga ang patuloy na pagpapaunlad sa aspektong ito. Samantala, ayon kina Sumagang at Balano (2025), ang pagtugon sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral ay nangangailangan ng sapat na pagsasanay at suporta upang maisakatuparan ang inklusibong edukasyon.

Ipinahihiwatig nina Hirimuthugoda (2023) at Veliganio at Galigao (2025) na ang kurikulum at pagpaplano ay dapat nakaangkla sa mabilis na pagbabago sa lipunan, teknolohiya, at pandaigdigang pamantayan, kaya't kinakailangan ang mas malalim na paglahok at kakayahang umangkop ng mga guro. Sa kabilang banda, binigyang-diin nina Xuan (2022) at Ismail (2022) na ang pormatibong pagtataya ay epektibong nakapagpapabuti ng pagkatuto kapag ito ay sinasamahan ng angkop na pidbak at maayos na pagpapatupad ng palatuntunan.

Ipinapakita ng resulta na bagamanmay matibay na pundasyon ang mga guro sa kaalaman sa nilalaman at pedagohiya, ang kabuuang kahusayan sa pagtuturo ay nasa katamtamang antas dahil sa mga hamon sa kurikulum, pagpaplano, pagtataya, at pagtugon sa pagkaiba-iba ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan ng mas sistematikong propesyonal na pag-unlad, mas malawak na pagsasanay, at mas pinatibay na suporta upang mapataas ang pangkalahatang kalidad ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino.

**Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Emosyonal na Katalinuhan at Kahusayang Pampagtuturo**

Ipinakita sa Talahanayan 4 ang datos ukol sa ugnayan sa pagitan ng *emosyonal na katalinuhan* at *kahusayang pampagtuturo*. Gamit ang Pearson Product Moment Correlation, ang balyu ng X at Y ay humantong sa (r=0.4168), na naglalahad ng katamtamang positibong ugnayan. Natuklasan na habang tumataas ang antas ng emosyonal na katalinuhan ng mga guro, may kaukulang pagtaas din sa kanilang kahusayan sa pagtuturo. Ipinahihiwatig nito na ang emosyonal na katalinuhan ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng pagganap ng mga guro sa loob ng silid-aralan.

***Talahanayan 4.***
***Datos sa Makabuluhang Ugnayan ng Emosyonal na Katalinuhan at Kahusayan sa Pagtuturo***

| Estadistikal na Sukat | Mga Tinuos na Halaga |
|---|---|
| Mean ng X (Emosyonal na Katalinuhan) | 4.24 |
| Mean ng Y (Kahusayan sa Pagtuturo) | 3.39 |
| $\Sigma(x_i - \bar{x})^2$ | 3.9285 |
| $\Sigma(y_i - \bar{y})^2$ | 4.3927 |
| $\Sigma(x_i - \bar{x})(y_i - \bar{y})$ | 1.7315 |
| Sxy | 0.07215 |
| **Pearson r** | **0.4168** |
| Antas ng Ugnayan | Katamtaman |
| Palarawang Katumbas | Katamtamang at Positibong Ugnayan |

Ipinababatid na ang kakayahan ng guro na pamahalaan ang sariling emosyon, umunawa sa damdamin ng iba, at makipag-ugnayan nang mabisa ay nakapag-aambag sa mas maayos na paghahatid ng aralin at interaksyon sa mga mag-aaral. Kaayon nito, binigyang-diin nina Xuan (2022) at Ismail (2022) na ang mga guro na may mataas na emosyonal na katalinuhan ay mas nakapagbibigay ng angkop na tugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas epektibong pagkatuto. Dagdag pa rito, ipinahayag ni Pastore (2023) na ang kakayahang umunawa at gumamit ng emosyonal na impormasyon ay mahalaga sa paglikha ng isang positibong kapaligiran sa pagkatuto.

Gayundin, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang emosyonal na katalinuhan ay may kaugnayan sa mas mataas na antas ng pakikilahok at motibasyon ng mga mag-aaral, sapagkat ang mga gurong may ganitong kakayahan ay mas nagiging sensitibo sa kanilang pangangailangan (Wylie, 2020). Batay sa resulta, ang *null hypothesis* na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng emosyonal na katalinuhan at kahusayang pampagtuturo ay tinatanggihan. Ipinababatid ng resulta na ang emosyonal na katalinuhan ay isang mahalagang salik na may kaugnayan sa kahusayang pampagtuturo. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan ng mga programang pampropesyonal na pag-unlad na magpapalakas sa emosyonal na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

kakayahan ng mga guro upang higit pang mapahusay ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

**Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Kabutihang Panloob at Kahusayang Pampagtuturo**

Sa Talahanayan 5 natuklasan na ang ugnayan sa pagitan ng *kabutihang panloob* at *kahusayan sa pagtuturo* ay mahina ngunit positibo (r=0.283). Ipinahihiwatig nito na may bahagyang pagtaas sa kahusayan sa pagtuturo habang tumataas ang antas ng kabutihang panloob ng mga guro, subalit ang lakas ng ugnayan ay hindi gaanong matibay.

Ipinaaalam ng resulta ng pagtutuos gamit ang Pearson r na ang mga pagpapahalagang moral, integridad, at malasakit ng guro ay may ambag sa kanilang pagtuturo, ngunit hindi ito sapat na salik upang lubos na maipaliwanag ang kanilang kahusayan. Kaayon nito, ipinahayag nina Sumagang at Balano (2025) na ang mga guro ay nahaharap sa iba't ibang hamon sa inklusibong pagtuturo, kaya't ang personal na katangian tulad ng kabutihang panloob ay isa lamang sa maraming salik na nakaaapekto sa kanilang pagganap.

***Talahanayan 5.***
***Datos sa Makabuluhang Ugnayan ng Kabutihang Panloob at Kahusayan sa Pagtuturo***

| Estadistikal na Sukat | Mga Tinuos na Halaga |
|---|---|
| Mean ng X (Kabutihang Panloob) | 4.24 |
| Mean ng Y (Kahusayan sa Pagtuturo) | 3.24 |
| $\Sigma(x_i - \bar{x})^2$ | 3.9285 |
| $\Sigma(y_i - \bar{y})^2$ | 3.3923 |
| $\Sigma(x_i - \bar{x})(y_i - \bar{y})$ | 1.7315 |
| Sxy | 0.07215 |
| **Pearson r** | **0.283** |
| Antas ng Ugnayan | Mahina |
| Palarawang Katumbas | Mahina at Positibong Ugnayan |

Dagdag pa rito, ipinakita nina Paragas et al. (2023) na ang paggamit ng angkop na estratehiyang pedagohikal ay mas may tuwirang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral kumpara sa mga pansariling katangian lamang ng guro. Gayundin, binigyang-diin nina Anyichie at Butler (2023) na bagama't mahalaga ang pagpapahalaga at pagkilala sa pagkakaiba-iba, kinakailangan pa rin ng maayos paraan ng pagtuturo upang makamit ang mataas na antas ng pagkatuto. Batay sa resulta, ang hipotesis na nagsasabing: walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kabutihang panloob at kahusayang pampagtuturo ay hindi tinatanggihan.

Inilalahad ng resulta na bagaman may positibong ugnayan ang kabutihang panloob at kahusayan sa pagtuturo, nananatili pa rin itong mahina. Ipinahihiwatig nito na kinakailangan pang isaalang-alang ang iba pang salik upang higit na maipaliwanag ang kahusayan ng mga guro.

**Emosyonal na Katalinuhan o Kabutihang Panloob ang Makabuluhang Prediktor ng Kahusayang Pampagtuturo ng mga Guro ng Filipino**

Nailalahad sa Talahanayan 6 ang natuklasan na ang *emosyonal na katalinuhan* ay may katamtamang positibong ugnayan sa kahusayang pampagtuturo (*r*=0.417), samantalang ang *kabutihang panloob* ay may mahina ngunit positibong ugnayan (*r* = 0.283).

Sa *Multiple Linear Regression Analysis*, ipinakikita na ang emosyonal na katalinuhan ang mas malakas na prediktor ng kahusayang pampagtuturo kung ihambing sa kabutihang panloob. Ang *beta coefficient* nito ay mas mataas, na nagpapahiwatig na mas malaki ang ambag nito sa pagpapaliwanag ng pagganap ng mga guro. Samantala, ang kabutihang panloob ay nagpakita lamang ng limitadong impluwensya.

Ang kabuoang $R^2 = 0.23$ ay nagpapahiwatig na humigit-kumulang 23% ng baryasyon sa kahusayang pampagtuturo ay naipaliliwanag ng emosyonal na katalinuhan at kabutihang panloob, samantalang ang natitirang 77% ay maaaring maiugnay sa iba pang salik na hindi nasasaklaw ng pag-aaral.

Ang resulta ay kaayon ng mga pag-aaral nina Xuan (2022) at Ismail (2022) na nagsasabing ang emosyonal na katalinuhan ay mahalaga sa pagpapahusay ng pagtuturo dahil nakatutulong ito sa mas mabisag interaksyon at pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Gayundin, binigyang-diin ni Wylie (2020) na ang kakayahang emosyonal ng guro ay may tuwirang epekto sa pagganyak at pakikilahok ng mga mag-aaral.

***Talahanayan 6.***
***Multiple Regression Analysis para sa MakabuluhangPrediktor (X at Y)***

| Baryabol | | Beta (β) | Antas ng Ugnayan | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| Emosyonal na Katalinuhan | 0.417 | 0.38 | Katamtaman | Makabuluhang Prediktor |
| Kabutihang Panloob | 0.283 | 0.21 | Mahina | Hindi Makabuluhang Prediktor |
| **$R^2$** | | **0.23** | | 23% ng kahusayan ay naipapaliwanag |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa kabilang banda, ang limitadong epekto ng kabutihang panloob ay sinusuportahan ng mga natuklasan nina Paragas et al. (2023) na nagsasabing ang mga estratehiyang pedagohikal at praktikal na kasanayan sa pagtuturo ang may mas tuwirang impluwensiya sa pagkatuto kaysa sa mga personal na katangian lamang. Para sa emosyonal na katalinuhan, *tinatanggihan* ang null hypothesis na nagsasabing hindi ito makabuluhang prediktor, sapagkat napatunayan na ito ay makabuluhang prediktor ng kahusayang pampagtuturo. Samantala, para sa kabutihang panloob, *hindi tinatanggihan* ang null hypothesis dahil hindi ito napatunayang makabuluhang prediktor ng kahusayang pampagtuturo.

Ipinaaalam ng pag-aaral na ang *emosyonal na katalinuhan* ang pinakamahalagang prediktor ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino, samantalang ang *kabutihang panloob* ay may limitadong ambag. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapaunlad ng emosyonal na kakayahan ng mga guro ay mas kritikal sa pagpapataas ng kalidad ng pagtuturo kaysa sa mga pansariling pagpapahalaga lamang.

## IV. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

### Mga Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon:

1. Natuklasan na mataas ang antas ng emosyonal na katalinuhan ng mga guro ng Filipino batay sa sariling kamalayan, pagkontrol sa sarili, motibasyon, pagdamay, at mga kasanayang panlipunan. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may kakayahang maunawaan at mapamahalaan ang kanilang damdamin at makabuo ng positibong ugnayan sa kapuwa at mga mag-aaral.
2. Lumabas din na mataas ang antas ng kabutihang panloob ng mga guro ng Filipino batay sa katapatan, pagkamakatarungan, pagdamay at malasakit, at pananagutan at pagpapahalaga sa tungkulin. Ipinakikita nito na taglay ng mga guro ang mahahalagang pagpapahalagang moral at etikal na mahalaga sa kanilang propesyon.
3. Natuklasan na mataas din ang antas ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino sa aspeto ng kaalaman sa nilalaman at pedagohiya, kapaligiran ng pagkatuto, pagkaiba-iba ng mga mag-aaral, kurikulum at pagpaplano, at pagtataya at pag-uulat. Nangangahulugan ito na taglay ng mga guro ang kinakailangang kakayahan upang maisakatuparan ang mabisang pagtuturo.
4. Napagtibay sa pag-aaral na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng emosyonal na katalinuhan at kahusayang pampagtuturo. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang antas ng emosyonal na katalinuhan ng mga guro, tumataas din ang kanilang kahusayang pampagtuturo. Ang kinalabasang ito ay umaayon sa Emotional Intelligence Theory nina Peter Salovey at John D. Mayer, na pinalawak ni Daniel Goleman, na nagsasaad na mahalaga ang kakayahang kilalanin, unawain, at pamahalaan ang emosyon upang maging mabisa ang pagganap ng isang indibiduwal, lalo na sa larangan ng pagtuturo.
5. Natuklasan din na mayroong ugnayan sa pagitan ng kabutihang panloob at kahusayang pampagtuturo, subalit hindi ito lumitaw bilang isang makabuluhang prediktor ng kahusayang pampagtuturo. Bagama't mahalaga ang mga pagpapahalagang moral at positibong disposisyon sa pagiging guro, hindi ito sapat upang tuwirang mapataas ang antas ng kahusayan sa pagtuturo kung hindi nasasabayan ng mga kasanayang pedagohikal at propesyonal. Ang resultang ito ay maiuugnay sa Theory of Positive Psychology ni Martin Seligman na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng positibong katangian ng tao sa pangkalahatang kagalingan at pagganap.
6. Bilang paglalahat, natukoy na ang emosyonal na katalinuhan ang makabuluhang prediktor ng kahusayang pampagtuturo ng mga guro ng Filipino, samantalang ang kabutihang panloob ay hindi lumitaw bilang tuwirang prediktor. Samakatuwid, mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagpapaunlad ng emosyonal na kakayahan ng mga guro kasabay ng pagpapatibay ng kanilang mga pagpapahalaga upang higit na mapataas ang kalidad ng pagtuturo at mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

### Mga Rekomendasyon

Batay sa mga naging kongklusyon ng pag-aaral, makagkumbabang inirerekomenda ng mananaliksik na higit pang paigtingin ng mga guro ang kanilang emosyonal na katalinuhan bilang isang mahalagang saligan ng mahusay at makabuluhang pagtuturo. Sa gitna ng patuloy na pagbabago sa larangan ng edukasyon, nararapat na ang bawat guro ay maging mapagnilay sa sariling damdamin at maging sensitibo sa kalagayan ng kanyang mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang silid-aralan ay hindi lamang nagiging lunan ng talakayang intelektuwal, kundi isang espasyong nagpapanday ng makataong ugnayan at pag-unawa.

Kaugnay nito, inaasahan na ang mga tagapamahala ng paaralan ay magsulong ng mga programang pampropesyonal na pag-unlad na nagbibigay-diin hindi lamang sa pagpapalawak ng kaalamang pedagohikal kundi pati sa paglinang ng kakayahang emosyonal ng mga guro. Sa pamamagitan ng mga pagsasanay, seminar, at patuloy na paggabay, mahuhubog ang mga guro na maging higit na handa sa pagharap sa mga hamon ng pagtuturo nang may lalim ng pag-unawa, pagkamalikhain, at malasakit. Sa gayon, ang institusyong pang-edukasyon ay nagiging tunay na daluyan ng kabuoang paghubog ng tao sa isip, damdamin, at asal.

Samantala, bagaman hindi napatunayang makabuluhang prediktor ang kabutihang panloob, hindi ito dapat isantabi. Sa halip, ito ay nararapat na patuloy na paunlarin bilang haligi ng etikal na pangunguna at makatarungang pakikitungo sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng kabutihang asal at mataas na antas ng kakayahang propesyonal, mas nagiging buo ang gampanin ng guro bilang tagapaghatid ng kaalaman at huwaran ng pagpapahalaga.

Higit pa rito, iminumungkahi na ang mga tagapagdisenyo ng kurikulum ay magsama ng mga gawaing nakatuon sa pagpapaunlad ng emosyonal na katalinuhan at praktikal na kasanayan sa pagtuturo. Sa ganitong pagsasaalang-alang, ang kurikulum ay nagiging isang dinamiko at kontekstuwal na balangkas na tumutugon hindi lamang sa akademikong

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

pangangailangan kundi maging sa emosyonal at panlipunang pag-unlad ng mga kalahok sa proseso ng pagkatuto.

Iminumungkahi ring magtaguyod ng mga kaugnay na pananaliksik na maglalayong higit pang palalimin ang pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa kahusayang pampagtuturo. Hinihikayat ang mga susunod na mananaliksik na magsagawa ng mas masusing pag-aaral na maglalaman ng iba pang baryabol tulad ng karanasan sa pagtuturo, kapaligirang pampagkatuto, at makabagong estratehiyang pedagohikal. Gayundin, nararapat na gamitin ang iba't ibang disenyo ng pananaliksik kabilang ang kuwalitatibo at eksperimental upang higit na maipaliwanag ang masalimuot na ugnayan ng mga salik na humuhubog sa pagiging mabisang guro. Sa ganitong paraan, ang larangan ng edukasyon ay patuloy na mapayayabong sa pamamagitan ng makabuluhan at makabagong kaalaman na magsisilbing gabay sa pagpapaunlad ng pagtuturo sa kontemporanyong panahon.

## V. SANGGUNIAN


1. *Abbas, N. (2023). College Students' Strategies to Cope with Stress and its Impact on their Emotional Resilience: Teacher's Perspective. Journal of Development and Social Sciences, 4(II). https://doi.org/10.47205/jdss.2023(4-ii)49*
2. *Al-Thani, H., Santhosh, M. E., & Al-Dosari, M. (2025). From values to action: the role of personal and social values in shaping K−12 teachers' wellbeing and professional outcomes. Frontiers in Education, 10. https://doi.org/10.3389/feduc.2025.1571907*
3. *Anderson, R., & Miller, J. (2021). Resilience and adaptability in teacher preparation programs: A study on maturity and teacher effectiveness. Journal of Teacher Education, 72(3), 245–262. https://doi.org/10.1177/0022487120981234*
4. *Anyichie, A. C., & Butler, D. L. (2023). Examining culturally diverse learners' motivation and engagement processes as situated in the context of a complex task. Frontiers in Education, 8. https://doi.org/10.3389/feduc.2023.1041946*
5. *Aquino, M. G., & De Vera, P. V. (2018). Development of Learning Material for Grade 7 Struggling Readers. TESOL International Journal, 13(1), 23-40. https://eric.ed.gov/?id=EJ1247185*
6. *Bhandari, P. (2020) What Is Qualitative Research? Methods & Examples. https://www.scribbr.com/methodology/qualitative-research*
7. *Carroll, K., Marandi, P., & Tuinamuana, K. (2024). The good teacher's Odyssey. Heliyon, 10(12), e32634. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2024.e32634*
8. *Castillo, M. H., & Barrameda, C. N. (2024). A personal development framework on core values for catholic school teachers. Journal of Research Policy & Practice of Teachers & Teacher Education, 14(1), 10–20. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol14.1.2.2024*
9. *Castillo, M. H., & Barrameda, C. N. (2024). A personal development framework on core values for catholic school teachers. Journal of Research Policy & Practice of Teachers & Teacher Education, 14(1), 10–20. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol14.1.2.2024*
10. *Cruz, C. D., & Batoon, N. (2026). Management Practices of School Managers in Relation to the Secondary School Teachers' Instructional Competence. International Journal of Sustainability and Advanced Integrated Research, 2(2), 1209-1214.*
11. *Estaji, M., & Zhaleh, K. (2022). The enactment of classroom justice through explicit instruction: deciphering the changes in English as a foreign language teachers' perceptions and practices. Frontiers in Psychology, 13, 821763. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.821763*
12. *Fukaya, T., Nakamura, D., Kitayama, Y., & Nakagoshi, T. (2024). A systematic review and meta-analysis of intervention studies on mathematics and science pedagogical content knowledge. Frontiers in Education, 9. https://doi.org/10.3389/feduc.2024.1435758*
13. *Goleman, D. P. (1995). Emotional intelligence: Why it can matter more than IQ for character, health and lifelong achievement. New York: Bantam Books. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=773626*
14. *Hellín, C. J., Calles-Esteban, F., Valledor, A., Gómez, J., Otón-Tortosa, S., & Tayebi, A. (2023). Enhancing Student Motivation and Engagement through a Gamified Learning Environment. Sustainability, 15(19), 14119. https://doi.org/10.3390/su151914119*
15. *Hirimuthugoda, H. D. (2023). Curriculum and Approaches of Curriculum Planning: A Methodological Literature Review. https://www.researchgate.net/publication/387785695_Curriculum_and_Approaches_of_Curriculum_Planning_A_Methodological_Literature_Review*
16. *Isidro, E., & Teichert, L. (2021). Towards socially just literacy teaching in virtual spaces. Journal of Curriculum Studies Research, 3(1), 21–41. https://doi.org/10.46303/jcsr.2021.6*
17. *Ismail, H. (2022). The Role of Digital Diplomacy in Improving Israel's International Image. Journal of Positive Psychology and Wellbeing, 6, 3781-3791. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=3942902*
18. *Johnson, L., & Michaels, R. (2021). Teaching science to hearing-impaired students: Challenges and solutions. Science Education Review, 20(2), 45-58.*
19. *Kobs, S., Ehlert, A., Lenkeit, J., Hartmann, A., Spörer, N., & Knigge, M. (2022). The influence of individual and situational factors on teachers' justice ratings of classroom interactions. Frontiers in Psychology, 13, 789110. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.789110*
20. *Matos, M., Albuquerque, I., Galhardo, A., Cunha, M., Lima, M. P., Palmeira, L., Petrocchi, N., McEwan, K., Maratos, F. A., & Gilbert, P. (2022). Nurturing compassion in schools: A randomized controlled trial of the effectiveness of a Compassionate Mind Training program for teachers. PLoS ONE, 17(3), e0263480. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0263480*
21. *Mayer, J. D., & Salovey, P. (1997). What is emotional intelligence. Emotional development and emotional intelligence: Educational implications, 3(31), 1-16.*

*https://www.researchgate.net/publication/256840188_What_is_Emotional_Intelligence_Salovey_and_D*

22. *Miao, J., Chang, J., & Ma, L. (2022). Teacher–student interaction, student–student interaction and social presence: Their impacts on learning engagement in online learning environments. The Journal of genetic psychology, 183(6), 514-526. https://doi.org/10.1080/00221325.2022.2094211*
23. *Nuñez, J. L., & Gula, L. P. (2023). Professional and Personal Traits of a Professor: A study on Filipino students' preferences. PhilPapers (PhilPapers Foundation). https://doi.org/10.5281/zenodo.7467649*
24. *O'Toole, C., & Dobutowitsch, M. (2022). The Courage to Care: Teacher compassion predicts more positive attitudes toward Trauma-Informed practice. Journal of Child & Adolescent Trauma, 16(1), 123–133. https://doi.org/10.1007/s40653-022-00486-x*
25. *Pandan, M. V., & Lomibao, L. S. (2022). Integrity of Mathematics Classroom Assessment in the New Normal. American Journal of Educational Research, 10(5), 282-287. https://www.semanticscholar.org/paper/Integrity-of-Mathematics-Classroom-Assessment-in-Pandan-Lomibao/e37474ab80e4bf873a44c497066dd2460866dbf8*
26. *Paragas, J. P., Agpasa, N., & Rabara, N. (2023). Pedagogical Approaches for Diverse Learners. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 10(6), 1-1. https://www.ejournals.ph/article.php?id=21482*
27. *Park, S., & Chan, K. K. H. (2025). Unpacking PCK Relationships and Development in Science Teachers: A Systematic Synthesis of Empirical research. Review of Educational Research. https://doi.org/10.3102/00346543251394404*
28. *Pastore, S. (2023). Teacher Assessment Literacy: A Systematic Review. Frontiers in Education, 8, Article 1217167. https://doi.org/10.3389/feduc.2023.1217167*
29. *Rahmatollahi, M., Mohamadi Zenouzagh, Z. Designing and validating an evaluation inventory for assessing teachers' professional accountability. Lang Test Asia **11**, 11 (2021). https://doi.org/10.1186/s40468-021-00128-3*
30. *Regidor, A. R., Vesmanos, A. T., & Deguito, P. O. (2024). The impact of supportive learning environment on student learning motivation of senior high school students. Asian Journal of Education and Social Studies, 50(7), 558–571. https://doi.org/10.9734/ajess/2024/v50i71487*
31. *Salazar, L. R., & Hayward, S. L. (2018). An examination of college students' Problem-Solving Self-Efficacy, academic Self-Efficacy, motivation, test performance, and Expected grade in Introductory-Level Economics courses. Decision Sciences Journal of Innovative Education, 16(3), 217–240. https://doi.org/10.1111/dsji.12161*
32. *Seligman, M. E. P. (2002). Authentic happiness: Using the new positive psychology to realize your potential for lasting fulfillment. New York: Free Press. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=672473*
33. *Shulman, L. S. (1987). Knowledge and Teaching: Foundations of the New Reform. Harvard Educational Review, 57, 1-22. http://dx.doi.org/10.17763/haer.57.1.j463w79r56455411*
34. *Siedlecki, S. L. (2019). Understanding descriptive research designs and methods. Clinical Nurse Specialist, 34(1), 8–12. https://doi.org/10.1097/nur.0000000000000493*
35. *Sumagang, S. J., & Balano, N. L. (2025). Embracing diversity: General education teachers' lived experiences in teaching learners with special needs in an inclusive setting. International Journal of Research and Scientific Innovation, 12(6), 729-739. https://ideas.repec.org/a/bjc/journl/v12y2025i6p729-739.html*
36. *Sumatra, J. M. T. (2021). Emotional intelligence and job performance of the teaching employees at University of Bohol, Tagbilaran City. University of Bohol Multidisciplinary Research Journal, 9(1), 101–127. https://doi.org/10.15631/ubmrj.v9i1.135*
37. *Tupas, M. O., Paqueo, I. D. P., & Abay, J. R. (2023). Illuminating Integrity: Exploring college teachers' approaches to address academic dishonesty in online learning. International Journal of Research and Innovation in Social Science, VII(VI), 1674–1681. https://doi.org/10.47772/ijriss.2023.7740*
38. *Veliganio, J., & Galigao, R. (2024). Education funding and teacher migration: the unending challenges of developing countries. Zenodo (CERN European Organization for Nuclear Research). https://doi.org/10.5281/zenodo.14663077*
39. *Wylie, E. C. (2020). Observing formative assessment practice: learning lessons through validation. Educational Assessment, 25(4), 251–258. https://doi.org/10.1080/10627197.2020.1766955*
40. *Wylie, E. C., & Lyon, C. J. (2020). Developing a formative assessment protocol to support professional growth. Educational Assessment, 25(4), 314–330. https://doi.org/10.1080/10627197.2020.1766956*
41. *Xuan, Q., Cheung, A., & Sun, D. (2022). The effectiveness of formative assessment for enhancing reading achievement in K-12 classrooms: A meta-analysis. Frontiers in Psychology, 13, 990196. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.990196*
42. *Yalçın, R. C., Fayganoğlu, P., & Begenirbaş, M. (2022). Üniversite öğrencilerinin teknoloji ile imtihanı: Duygusal zekâ ve nomofobi ilişkisi. Business and Management Studies an International Journal, 10(1), 82–98. https://doi.org/10.15295/bmij.v10i1.1924*
43. *Zhou, Z. (2022). Empathy in Education: A Critical review. International Journal for the Scholarship of Teaching and Learning, 16(3). https://doi.org/10.20429/ijsotl.2022.160302*